

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE**

[Aired on 27 April 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Good evening, my countrymen. We are here again talking to you because it is the program, it's called "Talk to the People." It has only one purpose actually to apprise or to let the nation know what's going on in government at ano 'yung mga bagay-bagay na maka — that would affect our well of course the well-being of the nation and our economy.

We will talk about the serious concerns of government. In the horizon is actually the elections. But before that, we have yet to know everything about the COVID because there are I think it's OCTA or — I may be mistaken — which issued a bulletin na a surge is possible in the coming months if we continue to ignore the protocols that we have long so advised for you to follow.

Marami kasing ano nito one is that iyong COVID-19 is nandiyan pa. So kindly remember that for all time that it is there, it is here with us for all time also. The only way that we can get rid of it sa ating — I do not care about the other nations — bayan natin is we have a concerted effort, cooperate with government sa mga sinasabi namin kung ano ang mabuti, the things that we advised the people to follow because it is intended solely really for one purpose and that is for the welfare of the people. Wala na hong iba. It has nothing to do with region or elections or whatever. It has something to do with the well-being of our nation.

Now I'd like you to know that I'm in my last mile ika nga so I attended the 43rd Commencement Exercises of the Philippine National Police. I congratulate the PNPA "Alab-Kalis" Class of 2022. I hope that you would continue what they have learned in school, continue to practice professionalism all throughout their career. Hindi naman — I cannot say that it's almost perfect but we still have a few problems with the police, and that would always be the concern of any government that will follow us, kami dito.

Now balik ako dito sa COVID. We have recorded an all-time low of almost only about [210] new cases. So maganda na masyado 'yan. Now ang problema ganito, if the next surge is not the Omicron type or the mga

variants D or whatever, kung ang makuha mo `yung COVID-19 original killer. So that would be a serious problem again because as everybody knows unlike other na may antibodies ka na you're okay for life, kagaya ng mga chickenpox na `pag tinamaan ka niyan for life na ang immunity mo.

Apparently itong COVID-19 does not fit into the picture. You have to — you know you have to listen to our medical professionals, our scientists, Pilipino ang mga scientists natin, may alam `yan. Huwag na tayong magpa-ano pa na mas marunong tayo kaysa kanila. There is no such thing as... You know a little knowledge is a very dangerous thing. Iyan ang tandaan ninyo. Iyan ang — ako sa buhay ko `yan talaga ang isa sa mga mantra ko. Be careful, a little knowledge is a very dangerous thing. Kasi wala ka ngang alam, kung magpa-arte-arte ka ng you are a...

Well, if you happen to be a — it's a question of law and you are a lawyer, then okay lang. But if you are not — you are a lawyer and you start to argue with things that you think that you know better than the medical practitioners, `yan sabi ko little knowledge of — bantay ka diyan.

Dito naman balik ako dito sa ano kasi i-relate ko, there will be some crowding again of small spaces lalo na sa mga eskuwelahan. It has something to do with the elections also itong COVID-19. So better again remember when you go to the electoral precincts, kindly tell yourself that you have to remember the things that government wants you to follow so that hindi masyado tayo mahirapan and we will prevent another surge.

We can only interdict the surge in the future by the simple of washing of the hands, ang mask importante talaga `yan. In all of the countries that ito `yung mask they maintained the wearing of masks, parang wala masyadong problema. Eh `yung mga marunong nga, there are citizens of other countries that we know na pagkatapos ng ano nila bakuna, ah okay if we have the antibodies in us. That is if you have the antibodies that — you have the numbers. Mayroon kasing nabakunahan and you would know na maraming — there's a good impact of that vaccine because sa blood mo lalabas `yung antibodies mo. There are people na mag-abot ng 1,000 kagaya ni Senator Bong Go. Ang akin 300 lang, nako patay na. Pero okay lang naman.

As another mantra of mine is ang panahon ang buhay talaga ay it's a matter of destiny. I believe in that. At `yung kung panahon mo na, panahon mo na talaga. Ang problema `yung mga events in your life that would leave you somewhat — mga aksidente, nabalian ka. Ako like me, I'm suffering from... Well, iyong bata pa kami dito sa Davao, we used to ride the motors. Magsemplang lang kami nang tindig kaagad. Kasi `yung mga sakit-sakit hindi

naman kami nagsasabi ng totoo sa mga magulang namin kay takot kami na kunin `yung motorbike. Eh `di tiisin na lang namin `yung sakit-sakit.

Well, when you grow older, 20s, 30s, parang mawala. May sakit kaunti lang. Pero `pag mag-abot ka ng sa edad ko kagaya ngayon 93 years old ako, anak ng patuteng, *[laughter]* naglabasan na lahat. Ako noon — ako noon masaktan `pag magkamali ako ng galaw, I will just maybe `yung mata ko mag — the eyes will show the — it would reflect the pain.

Pero ngayon sa katandaan mo, at 93 years old, `pag nasaktan ka na `yang nabikil tawag sa Bisaya ng wrong move, luha pati sipon ang magsabay, totoo `yan. Iyang talagang sabay magbagsak, oo totoo talaga `yan. Hindi ko naman rin sabihin kung ano `yung mga parte ng katawan ko may tama kasi baka diyan ninyo ako hampasin `di tuloy-tuloy na.

Iyan sa — `yang fraternities. You know, I hope I'm not... Iyong mga — `yung fraternity ko, the Lex Talionis diyan sa San Beda. I do not want now to dwell on how many of mga... Lahat-lahat fraternity may history of — `yung iba `yung namatay, sobrang physical punishment.

So that nung nagkasabay kaming tatlo — naging presidente ako, si Bodjie naging — nauna ata siya kay itong isang brod ko si Bambet Mendoza. Nagkasabay kaming tatlo, dalawa sila sa Supreme Court, ako naging Presidente. We — the three of us belong to one fraternity sa San Beda. We wrote our fraternity to stop this nonsense of inflicting severe pain.

Iyang mga masakit masyado, hindi `yan para sa kapwa mo tao, kapwa mo lalaki. Para lang `yang mga sakit masyado, ang sakit ng puso sa babae manggaling. Hindi manggaling diyan sa bugbugan.

Sabi naming tatlo, nagsulat kami, sinulatan namin `yung fraternity na well, we — do not totally eradicate `yung mga ganoong ano humiliation, medyo okay lang. Pero `yung kagaya nung — kagaya ko maano `yung mata ko noon, `di mo ako puwedeng pagsampal-sampalin kasi it would affect the eyesight. Iyong — it would leave a lasting pain or mark upon the person.

Kaya just come to think of it — nag-segue na ako — `yung mga fraternity may bago na namang namatay. Ano bang makuha ninyo? Ako actually sabihin ko sa inyo ha, hindi ko bina-backbite `yang fraternity ko. Right after, I went home, umuwi ako ng Davao, nagpa-hospital ako. Severe hematoma, iyong palo, `yung trauma kasi...

Just moderation. Iyon 'yung — 'yang the word moderation is a very good word. On everything that you do whether ano, stick to moderation. Huwag mong sobrahan kasi pagka sumobra ka... Maski sa PMA ganoon rin and ibang...

Ewan ko ng sa amin dito but I said that we — I would not be happy to hear my fraternity killing a neophyte. I would view it as a... Patayin mo lang ang tao for nothing. It's supposed to be an academic — in pursuit of academic excellence.

Iyong mga fraternity ano, hindi ka maging masyadong lalaki. You cannot be more of a man even to yourself if you kill another human being na helpless, hindi naman makaganti. Kaya ako noong naging — natanggap na ako, ang pinakamataas na boses 'yung akin. I'm relating the vignettes of life, 'yung ano sa buhay ba kasi totoo 'to.

So expelled ako. Eh tumakbo naman ako sa likod ng — diyan sa San Beda tumalon ako doon ng pader doon sa San Beda Subdivision tapos sakay ako ng barko. Hindi ako nagsakay ng eroplano kasi alam ko ang MetroCom nag-aabang sa akin noon. So 'yun.

Tapos sabi ko sa nanay ko, *"Tapos naman, ma, ano na 'yung na-advance na 'yung aming ano, nagpa-practice na lang kami magpunta sa stage."* So hindi na talaga ako bumalik. Sabi ng nanay ko, *"Rodrigo, bakit...? Kailan ba ako magbili ng ticket sa PAL? Kasi kay magpunta na ako sa graduation mo?"* Sabi ko, *"Ma, may problema."*

Kasi 1972 kami eh. Ang Mendiola pumuputok talaga. Mga — itong mga komunista na 'to. Kami sa College of Law na noon. Iyong mga — 'yung mga left pati 'yang inspired by this b***s*** na ideology ni Sison. Sabi ko, *"Sabi ng pari i-postpone muna lang daw ang graduation namin kasi magulo daw sa San Beda."* Kasi historically, sa San Beda ka man talaga mag-graduate. So sabi ko, *"Nagmisa lang kami sa Abbey, 'yung simbahan namin tapos tawagin lang daw kami."*

So it came to pass na medyo nakalimutan na ng nanay ko. Sabi ko wala pa mang tawag. Until naging vice mayor ako. Tapos itong mga taga-San Beda teachers — I think it was Father Lacson also was there — nagpunta sila sa Church of Transfiguration of Christ. Kayong mga taga-San Beda, kung pumunta kayo ng Mindanao, pumunta kayo doon sa Bukidnon. Mayroon doong monastery ng mga Benedictines, 'yung pari ng San Beda. Every 4 o'clock I think may mass diyan at magkanta 'yung mga monks, napakaganda. Paglabas mo, maging holy ka talaga. Pero pag-uwi mo sa

bahay pagka gabi kay umaga ka na ring umuwi, mahuli ka naman ng asawa mo rin, huli-huli na lang tayo dito.

Holy paglabas sa simbahan, pagdating sa Davao hindi na magdiretso muna sa bahay, ah inom muna tayo. So alam mo na `pag nandiyan ka sa mga inom-inoman, nawala `yung pagka-holy mo. Pagka umaga, nahuli ka ng asawa mo. Iyan ang problema diyan. So `yan ang nangyari sa akin.

Eventually the — mga professor ko, Solidum, sila Puno, I thanked their forum. They have a `yung reválida, `yung ano na na mag — they would start to — the process of certifying San Beda graduates so that we can take the Bar. Doon nag-ano si I think it was Solidum, I am ever so thankful to him and pati si Dean Ledesma. Sabi nila na, *"Ito ang nangyari tinanong namin si Duterte. Let him take the — if you do not certif..."* sabi ni Solidum, *"...if we do not certify Duterte as a graduate of this school, how can he take the Bar? Now, can he reimburse the expenses to his mother?"* So naano ako, na-certify ako, binigyan ako ng diploma at kumuha ako ng Bar. Pumasa ako, 75 lang naman pero okay lang basta tamang-tama lang.

So `yan `yung buhay ko. Dapat ninyong malaman kasi patanda na ako. Iyan talaga totoo ang nangyari. I`m — sinasabi ko `yung buhay ko sa harapan ng tao. I`m 77, mag-retire na ako and there are things that you should know.

Hindi ako nagyayabang. It`s not a thing that you should really be hambog ka eh, hubris. But `yung pangyayari mo sa buhay sometimes — `yan kagaya ng nanay ko, she spent for my schooling since six years old ka tapos hindi man lang makaakyat ng stage. Iyon na sana `yung crowning glory niya pagkanaanay, wala naman akong tatay noon.

So `yan ang — `yan `yang sa — kaya `yang mga fraternity-fraternity, `yan ang ano. But over and above all those arguments about ano, the nuances of itong fraternal societies is you get together, you crowd into one closely-knit group, at huwag ninyong pasobrahan.

At saka kung ako ang tatay kaya, papayag kaya akong patayin ninyo ang anak ko? Pag-isipan nga ninyong mabuti `yan. Kung ako ang tatay, inalagaan ko `yang anak ko, kung hindi ko nga papadapuin ang lamok diyan pati langaw ang katawan ng anak ko tapos bugbugin lang ninyo, patayin ninyo? Pag-isipan ninyo `yan.

Kayong mga kriminal, inalagaan namin tapos bigyan lang ninyo ng shabu. And you know, the — alam mo itong mga bleeding hearts ng human rights, do not forget that 1 million plus drug addicts surrendered to the

government, dito lang sa Greater Manila Area 'yan. Iyong statistic does not include the drug addicts outside of, I said, the Greater Manila Area.

Iyon ang nakalimutan ng — na 'pag ano hindi na ano ng lahat eh, dumaan lang sa atin. But we never really made it open to the people — and itong mga human rights and ICC — that we were nearing a narco state.

Biro mo 400 barangay captains. Now the basic unit of this government, ang pinaka-basic unit, ang pinakamaliit talaga, and it starts there, are the barangays. Biro mo may p*** — may mga barangay captain ka na mga nagne-negosyo tapos sila 'yung may hawak sa gobyerno on the lowest level, then pasok itong mga vice mayor, then pumasok itong mga mayor, p** --- tapos pumasok itong mga generals noong na-presidente ako, 'di anong tingin mo sa bayan ko?

Then I asked the ICC, what gives? How do you solve a problem like that? Sabi ko nga noong nandito ako, I was — I did not realize that I was fighting my own government, Customs, lahat, puros smug... P***** i**. The only way to stop a conflagration like that is just anuhin mo talaga, diretsahan na tayo, just level up. Ano ba talagang gusto mo? Patayan? O patayan eh 'di ibigay ko sa inyo.

Iyon ang nangyari sa Pilipinas. Hindi 'yan — hindi ninyo alam na 'yung 1 million na 'yun Manila lang 'yun, hindi kasali sa probinsiya. We were nearing a narco — susmaryosep. Tapos hinahabol ninyo ako kasi namatay 'yung mga mayor? And so? What about — what about my country? What about the victims, the families, fathers raping their own daughters, sons beheading...?

Kaya bakit ako takot sa — ? Itong mga stupid na 'yung mga commentator, hindi lang ninyo alam. Sana mangyari 'yan sa inyo balang araw, tingnan niyo, o mabiktima kayo ng mga drug addicts diyan para malaman ninyo gaano ka...

I took time to make a lengthy speech actually para maganahan lang kayo because there are only two — three speakers for this evening and we will start with... It would be a constant and permanent fixture dito sa mga programa ng gobyerno. Dito ngayon at sa sunod na gobyerno, alam ko because it is really a worry, something that we have to worry about because it can explode anytime 'yang surge. Eh kung ang mag-surge ang 19, the original, naloko na.

So we would like to hear from Secretary Duque kung — Department of Health. Sir, ano ba talaga itong may haka-haka na baka babalik? Is there a possibility really? So that we can tell the people.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Iyon hong possibility of a surge, just as what is being observed, Mr. President, sa mga ibang bansa: UK, US, India, South Africa. So para po sa ating mga kababayan, Mr. President, ay ang tanging epektibong pamamaraan laban sa surge ay 'yung pagsunod sa ating minimum public health standards. Iyon pa rin at 'yun ang isa sa dalawang pinakamahalagang hakbang, 'yun pong social measures, public health and social measures at ang vaccination, Mr. President.

At ako'y nananawagan nga sa pagkakataong ito na 'yung mga hindi pa nakakapagpabakuna ng primary series, 'yung first two doses, ay umpisahan na po natin, huwag na po tayong magpabukas pa. At doon naman sa nakatapos na ng kanilang primary series at umabot na po ng tatlong buwan mula noong sila po'y nakatanggap ng ikalawang dose of the primary series, magpa-booster na po tayo dahil napakamahalaga po ang booster, at ito na nga 'yung atin pong second booster dose policy, inumpisahan na po natin para sa mga immunocompromised patient category.

So ako po ay umikot, Mr. President, sa mga vaccination sites at nagturok din po ako ng mga ilang mamamayan na mayroon pong immunocompromised conditions. Sila po 'yung mahina ang kanilang katawan para labanan ang mga iba't ibang mikrobyo katulad po ng COVID-19, SARS-CoV-2 virus.

So 'yun pong sa katanungan niyo, Mr. President, ang surge is always a possibility. Pero maibsan o maiwasan po basta sumunod sa atin pong mga panuntunan, sumunod po, tumalima sa atin pong minimum public health standards at saka 'yung patuloy na vaccination trajectory po natin at booster dose uptake, 'yan po ay palalawigin po natin.

Ganunpaman, Mr. President, with your permission, ay sisimulan ko na po 'yung updates ng atin pong COVID-19 situation for this week. Ang...

[Next slide. Can we have the first slide?]

Ito po ang for confirmed COVID-19 cases from April 20 to 26. Mayroon po tayong naitalang 1,475. Mababa po ito, Mr. President from the 1,522 noong nakaraang linggo.

At ngayong araw, nakapagtala tayo ng pinakamababang bilang, 123 cases lang po tayo today, and a daily average cases of 210 for this week, at wala

po tayong naitalang severe and critical cases, zero. Ang atin pong case fatality rate patuloy, steady at 1.63 percent.

Samantalang ang recovery rate natin, bahagyang tumaas, nasa 98.05 percent. Ang recovery rate po natin, nasa 8,600 plus thereabouts. Samantalang ang atin namang testing data, ang positivity rate natin nasa 1.3 percent. That is the seven-day moving average from testing output, seven-day moving average of 22,077 tests.

Pagdating naman sa atin pong healthcare utilization rate, ito po ang datos. For the non-ICU utilization rate, non-ICU bed that is, nasa 17.6 percent or 4,544 po ang okupado out of 25,000 beds thereabouts. Sa ICU naman, dito po ay mababa din po, 15.6 percent, at ang okupado, 458 out of 2,900 beds thereabouts. Samantalang ang severe and critical admission po natin ay pumalo lamang sa 11.1 percent or 696 of the 6,250 total admissions. Iyan na po ang malala.

Sa bandang kanan naman, dito po nagpapakita muli ang mga lugar na nakapag-ambag ng pinakamalaking bilang ng mga kaso nito pong linggong ito. Ang NCR, 564; Region IV-A, 249; Region III, 124. And in terms of cities and provinces and municipa — cities and provinces, Manila po ang may pinakamataas na naitala; sunod ang Cavite province, 93; at ang Cavi — ang Quezon City, 79 naman po.

At kagaya po ng binibigyang-diin ninyo, Mr. President, talagang iyong possibility ng surge nandiyan. Nakita na po natin 'yan. Thankfully, tayo po sa limang surges na atin pong dinaanan, noong 2020, wala po tayo ni isang patak ng bakuna na tinanggap. And in spite of that, Mr. President, we managed to bring down those two surges in 2020. Walang bakuna. All we had was MPHS: Masking, social distancing, and hand hygiene. At noong panahon na 'yun, Mr. President, talagang inyo pong ipinag-utos na pati face shield kailangan mayroon kaya nakatulong.

That's why we never reached, Mr. President, more than 36,000 cases a day during our peak and in our surges unlike our neighboring countries. Imagine South Korea, 600,000 a day, sir, ang kaso nila; 200,000 sa Taiwan or sa Hong Kong; Viet Nam, nag-300,000 a day 'no.

So talagang iyon pong ginawa ninyong pag-uutos, iyong inyong direktiba, Mr. President, ang ganda ho ng pagsunod ng atin pong mga kababayan. So that really made the difference, Mr. President. Ito is the differentiator. And then, of course, in 2022, iyong bakuna natin nag-stabilize na ng October — I

mean 2021, nag-umpisa pong dumating at nag-stabilize some time in October of last year. Iyan po ay nakatulong din na ma-control iyong ating surge with Delta variant na medyo mahaba-haba po 'yung surge natin na iyan, medyo tumagal po.

And then noong January, pumasok naman ang Omicron, just as when we were seeing lowering massively — lowering of cases doon sa Delta surge, iyon namang Omicron ang pumasok. And we never expected that, Mr. President, na all of a sudden sumipa.

So anytime, sir, ganoon talaga ang puwedeng mangyari pa rin. So iba na 'yung handa tayo with a higher vaccination coverage and also nakikiusap po tayo, Mr. President, iyong booster dose natin. Magpa-booster na po tayo ngayon na maluwag po ang ating mga vaccination centers, ang vaccination sites. Huwag po tayong magpapa-booster kung may surge na. Bakit ka ninyo? Dahil po, unang-una, mahaba na naman ang pila. Ang mga tao magsisiksikan sa mga bakunahan. At hindi lang po iyon, kakaunti po 'yung magiging vaccinators natin. Bakit ka ninyo? Dahil po iyon pong mga doktor, nurses na dapat nagbabakuna ngayon na maluwag ang panahon, balik na naman 'yan sa ospital dahil pagka may surge, alam po natin ang mga tao puntahan sa ospital.

So lalong magiging mahirap ang pagbabakuna, ang pagbo-booster kapagka may surge. So ngayong maluwag, ngayon po tayo magpa-booster. Hindi po tayo mahihirapan, hindi po mahaba ang pila, maluwag po, libre ang bakuna. Napatunayan na ito po ay ligtas, dekalidad, at ito po talaga ang magbibigay ng proteksiyon para sa inyo, sa inyong mga kapamilya, sa inyo pong mga komunidad at harinawa, manumbalik na ang normal sa buhay ng bawat Pilipino at maiangat na natin muli ang dating masiglang ekonomiya. So ito po, Mr. President, lamang ang aking ibig bigyang-diin.

Sa pagbubuo, Mr. President — *[next slide please]* — sa pagbubuo po, Mr. President, para lang maliwanag sa lahat, ang Region V ay kasalukuyang nasa low risk habang ang natitirang mga rehiyon ay nananatiling nasa minimal risk. Ang naitalang bahagyang pagtaas ng mga kaso ay hindi pa nakakaapekto sa healthcare utilization rate ng bansa maging mga rehiyon.

Amin pong paalala sa lahat na habang mababa po ang ating mga kaso, ngayon na po tayo magpabakuna. Hinihikayat din namin ang lahat ng mga magulang na suportahan ang ating isinasagawang Chikiting Bakunation sa darating na Huwebes at Biyernes, April 28 to 29, at pabakunahan na rin ninyo inyong mga chikiting laban po sa mga vaccine-preventable diseases katulad po ng mga sakit na polio, hepatitis, TB, measles, at saka ang

pneumonia — pneumococcal pneumonia, measles, mumps, and rubella. Ito po ang mga bakuna na mayroon po tayo para po sa inyong mga anak at mga mahal sa buhay.

PRESIDENT DUTERTE: Isang tanong lang, hindi ko naano kaagad may binabasa ako kanina. Itong mga bakuna na nag-expire or about to expire ay — did I get it right that ito 'yung mga companies would receive them and replace them with another one?

SEC. DUQUE: Sir —

PRESIDENT DUTERTE: Within a new one?

SEC. DUQUE: The COVAX facility, sir, ito po 'yung conduit ng pag-donate ng mga ibang bansa sa mga bansa katulad natin. Iyon pong COVAX, mayroon po silang stockpile ng mga bakuna with longer shelf life. So ang gagawin po iyong mga nag-expire na sa atin, umabot na po ng mga about 3.6 million doses which is just about 1.46 percent of our total inventory ng bakuna.

So yes, sir, papalitan po 'yan. Ire-replace po ng COVAX facility. Nag-meeting na po kami kahapon at mayroon na po silang sulat sa atin.

PRESIDENT DUTERTE: At no extra cost?

SEC. DUQUE: Ah walang cost po, wala po. Talagang kuwan po 'yan, Mr. President, talagang they will replace po.

PRESIDENT DUTERTE: I am happy to learn that.

SEC. DUQUE: And in fact, Mr. President, ang pakiusap ko po, namin ni Secretary Charlie Galvez, na pati 'yung procure (procure) natin kung nag-expire, palitan na rin nila. Hindi lang 'yung donated kung 'di pati procured. We are waiting for their answer, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: That's nice of them to do that.

SEC. DUQUE: Certainly, sir.

PRESIDENT DUTERTE: It's a distinct humanitarian sentiment.

Bago ako doon sa ano. Okay na siguro. I'm very much satisfied with your report, Dr. Duque. But before I go to the next speaker, let me just read an item in my briefer as of last night.

Alam mo, as President — as any President for that matter, would have a briefer every night parang a brief history of what transpired during the last 24 hours. Mayroon ako niyan coming from the police, from the military, lahat, Coast Guard, pati lahat ng mga barangay.

Itong dito ngayon, I would like to ask the human rights people here in the Philippines. Kung hindi kayo maniwala na there's an extreme danger really of our nation vis-à-vis sa drugs. Let me just read an item here. Update as of April 25, 2022, PNP casualty on April 24, 2022. One KIPO (killed in police operation 'yan) KIPO, in Cavite, yesterday, April 24, a buy-bust operation in Barangay Biga, Tanza, Cavite led to a firefight and resulted in the death of Corp. — Police Corporal John Paul Digma. Authorities also neutralized the suspect in a violent confrontation.

See? Gusto kong dalhin rin ito sa human rights, mag-report ko rin. Kindly investigate also bakit ganito ang nangyari. Bakit kailangan pa magbarilan? Kasi kung nabaligtad ito, ito lang ang namatay si Leovido Alingan — Leovido Alinginan — Alinginan, ang namatay tapos buhay 'yung pulis, ang labas nito maya-maya — ang labas nitong report na ito doon sa labas salvage na naman.

Sinabi ko sa iyo halos not in terms of number but in terms of itong — itong droga. Droga kasi is a substance that destroys the body of a person, makes him a slave to the drug called cocaine or shabu, and that is all that he — that is all that what happens to his life. He is a slave waiting for the chemical to mahawakan niya. Tapos `pag makahithit na siya, okay na siya for the day.

And itong mga millions na addict sa Maynila lang 'yun, wala tayong statistics. Hindi sinabi, hindi sa hindi ang Manila ano lang 'yun — kasi ang Manila lang ang nag-cover ng mga ano eh 'yung mass surrender ng mga drug dependents.

Ang problema kasi nitong drug dependents, kung may pera ka walang problema. Kung anak ka ng milyonaryo, walang problema talaga. Cocaine, shabu, all that you want in this world to blow your brains out of your head, okay lang. Pero alam mo, itong `pag sa — tawag nga nila ito unggoy na sumasakay sa iyong likod, monkey on your back is because when the cravings starts, maghanap ka talaga. Kaya kung wala kang pera pambigay, the next thing that you can do is to mag-hold up ka, magnakaw, lahat na. And multiplied 'yan all throughout the country with the participation of mayors, barangay captains, and police generals, anak ka ng...

Pati pulis. Mayroong — lahat sabagay lahat. Lahat ng administrasyon na dumaan talagang ang pulis ang pinakaproblema. Pero kakaunti lang ito. Very, point, point something. Pero ganunpaman, pagka pumutok ang balita tapos ang involved pulis, big deal na 'yan. Ngayon, kung mamatayan ang pulis, wala ang — ang mag-ano lang ang balita lang diyan iyan sa Crame mag-ikot sa istasyon. Wala minsan nakakalimutan na nga eh na pupuntahan doon.

Pero ako dito, I always take care of my police. Just like what I did when I — when I was mayor, I took care of 'yung sa trabaho lang. Kaya hindi mo ako masisi. Hindi ako nagsabi na magpatay sila ng tao na nakatali o naka — nakatali diyan sa kahoy. Sinasabi ko sa kanila, go out and hunt for them and arrest them but if they put up a good fight, a violent resistance that would endanger the life of my police and military personnel, shoot and shoot them dead.

Iyan ang sinabi ko noon pa. Wala akong sinabi na magpadala ako ng isang batalyon para patayin kayong... Ngayon, kung iyang nakatali diyan o ano, huwag mo — hindi man trabaho ng pulis 'yan na mag... Bakit tatalian pa? Eh 'di barilin na lang niya. Ano pa ng — balutin ng tape. Iyang Crame hindi naman gumagawa ng mummy. So bakit mo balutin ng tape diyan para...? What's the business of the police wrapping the body of an idiot. For what? Just...

Ayan. So, ito — so ito ang sunod ngayon si Secretary Galvez. Sir?

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Go ahead.

SEC. GALVEZ: Yes, sir. Mr. President, Mayor. Senator Bong Go, Executive Secretary Medialdea, fellow Cabinet members, mga kababayan ko po, magandang gabi po sa ating lahat.

Ngayon po ay ipe-present po natin ang ating mga estratehiya para sa sinasabi nga po ng ating mahal na Presidente na last mile challenges that we need to accomplish before the end of this administration.

[Next slide, please.]

During our regular T3 meeting yesterday with the private sector and also some experts, Father Nic Austriaco presented the emergence of the three

Omicron variants. Two from South Africa and one in US. He predicted that with these three variants, it is very likely that at least one or even maybe all of these variants will hit the Philippines.

DOH also reported 13 areas under Alert level 1 are now experiencing increasing cases though there is no signs of alarm but they are monitoring it. And with this, many experts predicted including OCTA that mid-May, we will have a dramatic increase of new cases.

Meaning, COVID-19 is still here. We should not be complacent at huwag po tayong magkumpiyansa. Nakita na natin sa China na nag-zero COVID na po dito, ngayon, 26 million from Shanghai under very serious lockdown at may mga report nga po na including Beijing, kinukulang na sila ng pagkain, Mr. President. Dahil nakita po natin noong nag-hard lockdown tayo, talagang nag-ayuda din po tayo at marami po ang nagkaroon ng unemployment at talagang naghirap po at nakita natin na nag-beg dito po sa ano sa mga kalsada. So ayaw po natin na maulit po iyon, Mr. President.

So nakita po natin ang China na talagang nag-zero COVID na po 'yan for a long, long time, nakita natin bumalik. At ayaw po natin talaga na bumalik ang COVID-19 sa atin kaya dapat po magkaroon po tayo ng tinatawag nating estratehiya.

[Next slide, please.]

Ito po base po sa graph ng mutation na binigay po ni Fr. Austriaco na nakita po natin na iyong mga nagdaang cases ng Omicron, 'yung BA.2, ito po talaga ang naging dominant at saka tinatawag nilang "unique spike mutation".

So nakikita sa Venn diagram po na ito, nakikita na BA.4 at saka BA.5 ito rin po ang puwedeng magkaroon ng tinatawag nating prominent domination na can ano can create global economic downturn and travel restriction similar to BA.2. Iyon po ang kanyang tinatawag nating mga assessments.

[Next slide, please.]

Based on this graph, the new South African variants are now making an uptick and it's a matter of time that the Philippines will follow maybe two weeks or a month from now, as predicted by experts. Kasi nakita po natin sa Europe din po, sa Germany, sa Denmark at nakikita po natin na ito... Ah, sir, kung makikita natin ito, ito talaga sir perpendicular halos. Ito po 'yung pinaka tinatawag nating mga exponential po, Mr. President, na medyo mahirap pong mag-ano tayo.

Tayo medyo kumpiyansa tayo dahil kasi nasa nagpa-plateau po tayo dahil maganda po ang ating tinatawag nating vaccination program at ating response. Pero ito po nakakatakot po, Mr. President, kasi nakikita natin medyo almost perpendicular 'yung ano 'yung South African. And 'yan po ang nagiging parang ano po natin eh basehan na 'yung timing po na pagka nauuna ang South Africa, susunod and Europe and nakita natin sa Germany at saka Denmark at UK umaangat na rin. And then sa US mayroon na rin po dahil kasi mayroon po silang tinatawag na 'yung BA.2.12.1.

[Next slide, please.]

So in the advent of increase of new cases, some areas and sectors will become vulnerable. Talagang magiging vulnerable po. Mayroon pa po tayong 1.8 milyon na senior citizen na hindi pa nababakunahan. At 'yung nabakunahan na po noong last December ay mababa na rin ang bisa ng mga bakuna. Kaya kinakailangan magpa-booster na lahat at mabakunahan na ang lahat ng mga nabakunahan sa last year at magpabakuna na rin po 'yung mga tinatawag natin 'yung dapat na mabakunahan na nakikita natin na hindi pa po naaabot na mga last mile.

Pati po 'yung ating mga kabataan na edad five to 17 years old, 'yung hindi pa nababakunahan kailangan mabakunahan na rin po para mawala po 'yung tinatawag nating vulnerabilities. Medyo nakakapangamba rin po ang BARMM dahil hindi po umuusad ang kanilang mga numero sa vaccination. Until now, 27 percent pa rin po ang kanilang vaccination at ang sa kanilang mga record ay 1,300 lang per day ang kanilang ginagawang vaccination.

Mayroon po tayong mga bakuna, 'yung sinasabi nga po ni Secretary Duque at karamihan po dito ay matataas pa ang shelf life. At ang mga expiring naman, lahat ay maaaring palitan ng bago ng COVAX ng mga freshly-manufactured at mataas ang shelf life na more or less six months or one year.

So matutuwa po ang next administration, Mr. President, dahil more than one — ah more or less 98 to 100 vaccine doses pa po ang matitira at hindi na po sila kailangang bumili dahil kasi nakikita natin sa aming pag-uusap po ng ano, ng COVAX, talagang ang COVAX po ay tutulong po na magbigay pa ulit ng additional vaccines kasi ang naibigay nila last year is 74 million. And according to them, they have already a flexibility on supply. Puwede na po silang magbigay po ulit sa atin at palitan 'yung mga po na mga na-expire na mga vaccine at saka po 'yung mga pangangailangan pa po natin.

Kasi 'yung kanila pong tinatawag na pilosopiya is kailangan nandiyan po 'yung mga vaccine kasi kung wala po ang vaccine at matatakot po tayo na mayroong mag-expire, mas mahirap daw po ang mag-expire ang tao kaysa ang mag-expire ang vaccine. Kasi sa kanila po ang buhay ng tao is priceless. We cannot compare those ano those — those ano, those lives of the people with the price of the vaccine. Sa kanila po ang pinakatalaga is to save more lives rather than magkaroon po ng tinatawag na pagdududa sa ano, tinatawag nating mga expiring vaccine.

So kung makikita po natin 'yung sa 2021 po na procurement natin, Mr. President, dahil maganda po ang ating procurement, napakababa po nating nakuha 'yung prices. Actually 'yung 100 million na doses po na 'yun parang savings na po natin 'yun eh. At saka 'yun pong 100 million doses po na 'yun ay talagang kayang-kaya pong ireserba sa next administration.

Kaya nga po masi-save — baka ma-save po natin 'yung 45 billion na naka-allot para sa year na ito. Alam po natin na mayroon po tayong 45 billion na naka-allot sa multilateral financier natin na 2.5 billion sa DOH. Ito po, hindi pa po natin nagagalaw hanggang ngayon.

[Next slide, please.]

Inuulit po namin na very imminent na po na tataas ang ating mga kaso at very vulnerable ang mga hindi bakunado dahil ang sabi po ng ating mga ospital at saka mga datos natin sa DOH, 95 percent po ang namatay ay unvaccinated. Inuulit ko po, ayon sa datos ng mga ospital at ng DOH, 95 percent po ang namatay ay unvaccinated. Iyong mga nabakunahan ng second dose na mahigit na tatlong buwan ay magiging vulnerable na rin po dahil according to science, bumababa ang bisa ng bakuna pagdating ng panahon. Kasama na dito ang BARMM area at ang Region 12 at ang lugar na mababa ang mga coverage.

[Next slide, please.]

Ito po ang ating kino-consider na last mile challenges. Ito po figurative at the same time, 'yung physical sinasabi natin na last mile in our vaccination program. Iyong matatanda na hindi pa po bakunado sa ating mga brother Muslim, sa ating pagmamahal sa matatanda, sinasabi nga according to Majma' al Zawai'd's tinatawag nating hadith 12618, "Goodness is with your elderly." At sabihin pa sa mga ibang verses, one way of showing highness to Allah is to honor the elderly.

Kaya kailangan po talaga natin na 'yung mga elderly natin bakunahan na po natin. Si Misuari po, may booster na po iyan bago siya po nagpunta sa Mecca. Pinabakunahan na rin po namin si Chief Minister Murad bago rin po nagpunta sa Mecca. At alam namin na malaki po ang naitulong ng mga vaccine na ito para ma-save po ang lives ng mga buhay ng ating mga kababayan.

Kaya po 'yung ano, 'yung sinasabi po natin na 'yung mahigit na 20 million na mga Pilipino lalo na po 'yung mga elderly na hindi bakunado, kasama po ito sa mga last mile po natin. At ang mga malalayong lugar sa BARMM at Region 12 at 'yung mga island provinces ay talagang isa rin po ito sa mga last mile natin. Kasama na rin po 'yung continuous protection na ngayon ay bumababa at ang ating bumabagal na uptake sa pediatric vaccination dahil sa sobrang kumpiyansa dahil mababa po ang ating mga kaso ngayon.

[Next slide, please.]

So ano po ang ating mga tinatawag na call of — call to action? Because of the current urgency of the situation, we are appealing to the HTAC to expedite the inclusion of the healthcare workers kasi pagka nagka-uptick po tayo, kawawa po ang ating healthcare workers. So I'm recommending at kami po ay nakikiusap sa HTAC na mapabilisan po ang ating tinatawag nating positive recommendation.

Pakisama na po natin po ang seniors and other vulnerable sectors para po mapataas significantly ang ating pagbabakuna at mabigyan sila ng continuous protection bago magkaroon ng tinatawag nating surge. We are also respectfully recommending to HTAC that they should also look and include the seafarers kasi kinakailangan po ng seafarers po natin at saka 'yung OFW na kailangan fourth dose na rin po sila. Kasi dito po sa Qatar at saka po dito sa UAE nire-require po ng kanilang mga employer ay dapat fourth dose na po.

So kasama po iyon, kung hindi po natin isasama sila na magkaroon ng second dose na booster ay baka po hindi tayo maging priority sa ating employment sa ating mga seafarers. At mayroon na pong nagpahayag po sa amin na talagang iyon po ang kailangan nila para po sa requirement po 'yun sa tinatawag na deployment sa overseas po natin.

So we need to increase our daily targets kasi ang daily targets po natin bumaba po tayo ng 250 to 300 lang. At binigyan po kami ng directive ni Secretary Duque na iakyat po natin ang ating lebel ng vaccination at least bumalik po tayo sa 800 to 900 para bago po tayo umalis sa ating ano po, sa

ating administration ay makapag-77 million po tayo before the end of June. We also need to push and reach out our last mile challenges to minimize health risk and ensure sustained economic recovery. Iyon po ang ano po natin para tuloy-tuloy po ang ating recovery.

[Next slide, please.]

So nananawagan po kami, iyong call to action po namin, nananawagan po kami sa ating mga kababayan na protektahan po natin ang ating mga sarili, ang ating pamilya, ang ating kabuhayan. Magpabakuna na po tayo at magpa-boosters na rin para maprotektahan natin ang ating ekonomiya sa mga dulot ng kasalukuyang giyera sa Ukraine at Russia.

Kasi pagka hindi po nag ano po – nagkaroon po tayo ng surge at saka marami pong hindi nagpabakuna, mangyayari po talaga 'yung katulad ng Hong Kong marami pong namatay na mga elderly at nagkaroon po sila ng mga series of lockdowns. At 'yan maco-complicate na po ang ating ekonomiya dahil kasi nahihirapan na rin po tayo sa ongoing Russian war at saka 'yung Ukraine.

Sir, mayroon na po tayo namang good news. Mayroon tayong tinatawag na parang nakikita natin looming ano, mayroon naman po tayong good news.

[Next slide, please. Next slide, please.]

Sir, ang naunang good news natin, 'yung G20 acknowledgement ng Philippines as example country; and then 'yung Philippines naging Level 1 sa COVID — Level 1 sa COVID Low risk under United States Centers [for] Disease Control [and] Prevention. And then 'yung ano po maganda rin po dahil kasi naging stable po ang ating economy. So 'yung Japanese companies they ano, they gave an accreditation to the Philippines to triple B plus. Ang meaning po ng triple B plus ay stable outlook.

And then ngayon, ayon sa OCTA, tumawag po sa akin si Dr. Ranjit Rye, ay nabigyan tayo ng mataas na rating, Mr. President. So 'yung mga sinasabi po ng mga ibang tao na sinasabing parang mga expert na mahina raw po ang ating COVID response. Pero according to the survey, 83 percent, Mr. President, ang rating ng government and President's handling on COVID-19 during the pandemic, at 91 percent naman po ang tinatawag nating 'yung utilization ng vaccine or 'yung tinatawag nating vaccine acceptance.

Meaning, magandang ano po 'yun kasi ito pa po hindi pa po napa-publish ito ng OCTA pero binigay na po natin 'yung advance information para mailathala po natin dito sa ating "Talk to the People". So maganda po 'yung rating natin, Mr. President. Almost ano po tayo, lalo na sa Cebu, nakikita po natin almost 89 percent na ang kanilang ano, kanilang conclusion ay maganda po ang response natin sa COVID-19 at sa ating mga vaccination.

Iyon lang po, Mr. President, at 'yun po ang ating final ano po natin na kung mahal natin ang ating bayan at ang inyong pamilya at sarili, magpabakuna na po. Ito po — ito po ang sinabi po ng ating mahal na Presidente noong mga nakaraang mga "Talk to the People".

PRESIDENT DUTERTE: May ano ako nakalimutan. There's an RTVM video of the yesterday's graduation sa PNP. Nandoon kami ni Secretary Año because ang PNP is under the DILG. He also attended the graduation. Pero ako 'yung — as President, ako 'yung guest speaker. Ipakita ko lang sa inyo kung — mga bagong pulis at sana naman they would remain true to their oath of office.

[Video clip of Philippine National Police Academy Commencement Exercises]

Iyon, that's a short footage of the graduation rites. I'd like now to call on Secretary Año.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; fellow Cabinet secretaries.

Ngayon po, Mr. President, sa buong Pilipinas ay zero pa rin ang mga areas na under granular lockdown. So ibig sabihin po ay maganda ang numero natin at mababa 'yung COVID cases natin. At dalawa po ang ating pinakaimportanteng depensa o sandata dito, ang ating mataas na vaccination rate at ang pagsunod sa ating minimum public health standard protocols.

Kaya lang po itong nakaraang panahon mula April 15 hanggang April 24, nakakabahala ang ating naitalang community health protocol violations dahil malaki ang itinaas ng mga nai-report na violations sa maikling panahong ito.

Mula sa bilang na 28,622 na violations na hindi pagsusuot ng face mask noong linggo ng April 10 hanggang April 16, sumipa ito ng 84,969. Pagdating naman sa mass gathering, mula sa bilang na 13 sa ating ulat noong nakaraang linggo ay umabot naman sa 724 ang nasabing violations. At tumaas din ang bilang ng mga hindi sumusunod sa physical distancing mula 3,002 last week ay halos triple ang bilang nito ngayon na pumalo sa 9,057 from April 15 to April 24.

So muli po tayong magi-istrikto ang ating kapulisan sa pagpapatupad ng minimum public health standards at tinatawagan din natin ang mga LGUs lalo na po ang mga barangay officials at barangay tanod, ang mga management ng commercial establishments, ang mga community leaders, ang mga campaign organizers na mag — tumulong sa pagpapatupad ng minimum public health standards.

Hindi natin papayagan na magkakaroon muli ng COVID surges o spikes dito sa ating bansa. Kahit na mayroon pong projection o prediction na maaaring sumipa ang COVID sa susunod na mga buwan o linggo.

Ang pinakamalaking challenge po natin, Mr. President, ay ang parating na eleksyon. Sapagkat ngayong mayroong campaign period, halos araw-araw po talagang dumudugso ang mga tao pag-attend ng mga rallies at mga campaign o kampanya na umaabot sa 300 or umaabot po sa six-digit numbers.

At ang pinakamalaking challenge po natin dito ay ang election day mismo sa May 9. Sapagkat ating ine-expect na 60 million, at least 60 million voters po ay lalabas, magco-converge sa mga presinto kung saan sila boboto. Kaya sisiguraduhin po natin na masusunod ang ating minimum public health standards or protocols.

[Next slide, please.]

Sa atin naman pong kampanya laban sa iligal na droga. Patuloy po ang programa ng PNP, PDEA, NBI, AFP at iba pang mga ahensiya na kaakibat ng pamahalaang nasyonal sa pagsugpo ng iligal na droga.

Mayroon po tayong naitala na mahigit 287 million na pinagsama-samang halaga ng illegal drugs na nakumpiska mula April 17 hanggang April 25. At dito po makikita po natin na nakapagsagawa tayo ng 1,030 anti-illegal drug operations; 109 po ang nag-surrender; nakapag-aresto tayo ng 1,423 suspects; at wala pong namatay sa mga drug suspects na ito. Except po ang isang pulis nga natin na namatay si Police Corporal John Paul Digma sa Biga,

Tanza, Cavite noong siya ay nag-conduct ng buy- bust operation sa isang nagbebenta ng marijuana.

Ang mga highlights po natin sa operation na 'to ay ang buy-bust operation sa Barangay Guadalupe, Cebu City noong Sabado, na nakakumpiska tayo ng P68 million na worth na shabu; noong April 23 sa Mabolo, Cebu City na nakapag-confiscate naman po ng 21 million cost ng shabu; at noong April 25 sa Bacoor City, Cavite, na kung saan ay nakahuli po tayo ng mga drug pusher at nakakumpiska ng halagang P136 million worth of shabu. All in all po, ang ating nakumpiska ay P287,767,237.

[Next slide, please.]

Sa atin naman pong pagpapatupad ng peace and order, in relation po sa paparating na eleksyon. Muli po ay mayroon tayong na-establish na 5,431 checkpoints all over the country at nakapag-deploy tayo ng 41,965 PNP personnel. Ang lahat po ng mga firearms na na-surrender, binubuo ng small firearms, light weapons ay umaabot sa 6,197.

Mula January 9 hanggang April 25 ay may naitalang 2,692 gun ban violations. At nakapag-aresto po tayo ng mga violators ng gun ban, umaabot sa 2,820 at mayroon tayong na-confiscate 2,147 firearms, at 1033 na deadly weapons.

Sisiguraduhin po natin na magkakaroon tayo ng isang mapayapa, maayos, at ligtas ang ating mamamayan sa darating na eleksyon sa Mayo 9, 2022. Iyan lamang po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Chairman Artes sa MMDA, you have something to add sa ating...?

MMDA CHAIRMAN ROMANDO ARTES: Yes, Mr. President. Opo. Ang akin pong ulat, Mr. President, ay puro positive po. Ito po ay mga milestone na nakamit po ng aming ahensiya during your term, Mr. President.

Unang-una po diyan ay tayo po, ang aming ahensiya ay naglaan ng 141.3 million ngayong taon na ito at iyan po ay ating popondohan taon-taon para po maging casual employees ang 450 job order personnel po ng MMDA. Mr. President, marami po dito sa mga job order personnel na ito ay 10 hanggang 15 taon nang naninilbihan sa ating ahensiya na contractual at wala pong natatanggap na mga benepisyo.

Binigyan po natin ng priority ang mga job orders po para sila'y maging casual, base po sa tagal ng serbisyo sa ahensiya at sa performance po nila

sa trabaho. Ganundin po, Mr. President, 120 casual employees ang pina-upgrade po natin ang posisyon para ang kanilang sahod at benepisyo ay katumbas ng kanilang ginagawang trabaho.

Marami po sa kanila, Mr. President, ay napilitang tumanggap ng mababang casual item para lamang po magkaroon ng benepisyo. Ang casualization po na ito, Mr. President, ay pursuant sa COA-DBM's Joint Circular No. 2, Series of 2020, na nag-aatas na alisin unti-unti ang contractual sa tanggapan ng pamahalaan.

[Next slide, please.]

Ganundin po, Mr. President, tayo po ay naglaan ng pondo para magbigay po ng scholarship sa mga empleyado ng MMDA para po sila ay makakuha ng masteral in public administration. Ang una pong batch ay mayroon pong 32 employees na atin na pong napagtapos at mayroon pa pong kasalukuyan na 33 scholars na kumukuha po ng masteral.

Ito po ay pursuant sa ating succession plan dahil inako na po natin marami na pong malapit nang magretiro sa MMDA at kailangan po itong masteral na ito para po `yung ating mga ordinaryong empleyado ay makaangat po at maging opisyal ng ating ahensiya.

[Next slide, please.]

Ganundin po, Mr. President, nakipag-partner po tayo sa PUP para rin po magbigay ng scholarship sa ating mga ordinaryong empleyado na hindi po tapos ng kolehiyo. Ito po ay open sa ating mga empleyado na high school graduate o `yung nakapagtapos — nakapagkuha na po ng isa or dalawang taon ng kolehiyo para sila po ay makatapos.

Marami pong empleyado, Mr. President, ng MMDA ang magagaling pero hindi po sila makaangat sa kanilang mga puwesto dahil wala po silang college degree. Marami po sa kanila ay gumagawa ng trabaho na mas mataas pa po sa kanilang posisyon. Ito po ay tulong natin sa kanila para po sila'y makaangat at maging permanente po sa MMDA.

[Next slide, please.]

Mr. President, ang amin pong opisina ay located sa EDSA cor. Orense, Makati, ito po ay medyo luma na, 50 years old na po. Ito po ay isang dating hotel at sabi po ng City Hall ng Makati ay candidate na raw po sa para ma-condemned. Taon pong 2018 ang MMDA po ay nagpa-contest para sa disenyo ng bago naming gusali. Ang nanalo po dito ay ang entry na "Solihya

Moderno” na isinumbit (submit) po ni Architect Daryl Abaygar. Ito po ay makikita po natin dito sa kanang bahagi, `yung nanalo pong entry.

[Next slide, please.]

Pagkatapos po niyan, Mr. President, pinlano po `yung aming bagong building base sa disenyo ng nanalo at kami po ay naka-come up ng design at plano ng isang building na mayroon pong 27,281 square meter o floor space. Mayroon po itong 20 floors with roof deck and helipad at dalawa pong basement parking.

Ito po ay may special feature. Ito po ay BERDE certified. Meaning, green building po ito dahil ito po ay may water impounding para ang tubig ulan ay muling magamit; solar charging stations para sa mga scooters at e-bikes; at ang aircon po nito ay kahit centralized ay puwede pong i-control ang temperature bawat kuwarto po at area. Mayroon po itong helipad; centralized data system. Ito po rin siguro ang first full 5G government building at ito po ay magkakaroon ng upgraded Metrobase Operations Centre. Ito pong ating upgraded Metrobase Operations Centre ay napondohan po sa GAA sa pamamagitan po at inisyatibo ni Senator Bong Go na naglaan po ng 300 million na halaga ng funds para po ito ay ma-construct. Maraming salamat po, Senator Bong Go sa pagpondo po nitong aming Metrobase Operations Centre.

[Next slide, please.]

Ang amin pong bagong opisina ay sinimulang itayo o nagkaroon ng groundbreaking noong December 14, 2018, kasama po natin si Chairman Lim na sumakabilang buhay na po at ganoon din po si Mr. Frederick Go ng Robinsons Land na siya pong nagtayo o nag-construct ng aming gusali.

Dapat po mas maaga pa po itong natapos pero ito po ay nadala — na-delay gawa ng pandemya.

PRESIDENT DUTERTE: Kung walang — wala namang — hindi naman nalugi ang gobyerno diyan sa pagtayo niyan, walang hao-shiao, eh di mas lalo akong maligaya.

Okay, wala ka na?

MMDA CHAIRPERSON ARTES: We can assure you, Mr. President, na wala pong ganoong involved dito sa proyekto po na ito. Ang partner po natin dito,

Mr. President, ay Robinsons Land at wala naman pong any allegations or kahit ano pong ano ng improprieties.

PRESIDENT DUTERTE: I'll take your word for it.

MMDA CHAIRPERSON ARTES: Iyon lang po ang aking ulat, Mr. President. Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Maniwala ako sa inyo kasi wala namang sigurong... Ibig ko ngang sabihin iyong pera ng tao na hindi masayang.

Mayroon akong — si ano kasi si Secretary — si ES, Executive Secretary, pati si Secretary Delfin Lorenzana, galing 'yan sila sa Amerika. Wala, nagbakasyon lang doon. Nagpalaboy-laboy ng ilang araw para maano lang.

No, hindi. Inutusan ko sila to take up with the American government many things and isa doon, well iyong iba baka confidential, it cannot be openly said here itong... May invitation kasi ako sa Amerika na to join the ASEAN iyong countries to have a dialogue with — sa Presidente nila, si Biden.

Ang problema kasi the dates are May 13 to 14 something — ah, 11 to 13? Oo, 11 to 13 ang aming conference. But alam mo kasi by that time, tapos na ang eleksyon, may — malaman na natin kung sino ang bagong presidente.

So magpunta ako doon, wala pa namang proclamation, wala pa lahat. But alam na ng taong-bayan, ng Pilipinas, na may presidente na nahalal. Hindi lang nga napo-proclaim pa pero that's the job of Congress.

So sinabi ko sa kanila na hindi naman mag-ano ang... Pangit na tignan kung magpunta ako doon na alam ko na may bagong presidente na. And besides, if it is a working conference, there might be some agreements or commitments that will be made there and ang mahirap kasi kung ako ang nandoon, I might take a stand that would not be acceptable to the next administration. So iyan ang ano ko lang.

Kaya I'm just explaining to Secretary Lorenzana pati si ano kasi mukhang sabi nila gusto talaga ng Amerikano magpunta rin ako just to complete the story because ASEAN 'yan and I think everybody has evinced a desire to attend the event. Ako lang ang nag-ayaw.

Pero noon pa, nagsabi na talaga ako na ayaw kong pumunta and it has been about 20 years since then that... Hindi na ako nagpunta na ng Amerika. Takot rin ako baka mawala ako doon. Mapunta ako doon sa mga lugar nila na delikado.

Alam mo, sa totoo lang, prangka-prangka na pagkasalita, dito, well of course Davao, I used to be the — may stranglehold talaga ang NPA noon. They have killed so many soldiers and policemen. Magsabi ka lang 300 of them, mayroon. But doon magpasyal ka sa Davao ngayon, maski lamok hindi ka gagalawin, takot. Dito sa Maynila, hindi naman gaano, pero doon sa...

Ito totohanan ito ha. Magpunta kami doon sa ano, hindi ka makapunta ng downtown Manila ganoon. Kung paano pa — kasi delikado ka. And there are areas there which you cannot just easily you know go around gallivanting just to see the place. There are so many places na delikado rin. Well, kagaya ko — kagaya rin sa atin. But I would say that during my time when I was there, about 20 years ago, iyon na 'yung sinasabi nila na "*do not go to that place,*" ganoon, ganoon. So iyan lang rin ang maano ko.

Kaya takot rin ako pumunta doon. Una, mawala. Pangalawa, makapasok ako sa lugar na baka makatay lang ako. Pangatlo is as a matter of principle, noon pa sinasabi ko na talaga na ayaw ko.

So ayaw ko is ayaw ko. Reason is akin na lang 'yun. Pero gusto nila ni Secretary Lorenzana pati ni ES na pumunta ako. Ang problema diyan, I said, if there are... If the conference would go into something like a hard sell for everybody on both sides and you ask for a commitment or a promise, mahihirapan ako kasi sabi ko at that time, tapos na ang eleksyon, may malaman na tayo. May alam na tayo rather kung sino 'yung maging — ma-proclaim na presidente.

With that, I say good night to you all and magandang gabi sa inyong lahat.
[applause]

— END —